

# Hantong

---

John Jack G. Wigley

**M**as nauna pang nagising si Resie kaysa sa *alarm clock*. Hindi na siya nabigla. Gabi-gabi niya itong *sini-set* sa alas singko y medya para hindi siya mahuli sa trabaho. Pero araw-araw din siyang nagigising bago pa man tumunog ang orasan. Gusto pa sana niyang mamaluktot sa kaniyang maliit na katre, pero dahil naalimpungatan niyang silipin ang *alarm clock* na nakapatong sa maliit na mesa sa tabi ng kaniyang kama, hindi na siya nakatulog uli. Bumangon siya at pinatay ang *alarm*. Bahagyang kinusot ang mga mata at ipinahid ang nasungkit na muta sa damit-pantulog. Kinuha ang takure, nilagyan ng tubig mula sa gripo, at ipinatong sa kalan. Tumingin siya sa oras sa dingding. 5:17 ng umaga. Maaga pa. Alas otso pa ang pasok niya sa *toll gate*. Napansin niya na nakatumba ang mga lalagyan ng patis, toyo, at suka sa plato. Nagkalat ang mga laman nito. Malamang may daga na namang kumalikot dito, isip niya. Kinuha niya ang lumang basahan sa lababo para punasan ang mga ito. Minasdan ang kalendaryo ng mga santo malapit sa paminggalan. Buwan ng Abril na pala, himutok niya. Dumaan ang buong Marso na hindi man lang niya namalayan. Ipinatong ang baba sa kanang kamay at nag-isip. Bumalik ang kaniyang ulirat nang marinig ang sagitsit ng kumukulong tubig sa takure. Marahan niyang ibinuhos ang tubig sa isang tasang bulaklakin at nilagyan ng kape at asukal. Lalagyan din sana niya ng *creamer* pero naalalang nakalimutan pala niyang bumili ng *sachet* sa tindahan ni Aling Fely sa kanto. Okey na ito, aniya. Hindi ko naman kailangang may *creamer* ang kape. Basta may asukal, tama na. Hinigop niya

ang bagong timplang kape at saka nag-isip uli. Maya-maya, ginalugad niya ang kusina. Pinansin ang mga kulang sa bahay: tinapay, sabon, supot para sa basura, basahan, at *creamer*. Kailangan na niyang mag-*grocery* uli. Inilista ang mga kulang sa isang gusot na papel at isinilid sa *bag*. Mamaya ako bibili pagkatapos ng trabaho, pasya niya.

Pasado alas sais y medya nang makalabas siya ng bahay para mag-abang ng dyip papasok sa trabaho. Nakasalubong si Aling Mameng na nagwawalis sa bukana ng aksesorya kung saan siya umuupa ng isang maliit na kuwarto. Alam niyang naging trabaho na ni Aling Mameng ang maunang gumising at linisin ang harap ng kanilang lugar. Madilim pa, kumikilos na ito. Para kay Resie, naging malalim na debosyon na ng matanda ang panatilihin maayos ang paligid. Parang panata ng mga deboto ng Nasareno sa Quiapo.

“Pasok ka na?” bungad sa kaniya ni Aling Mameng.

“Oho,” marahan niyang tugon.

“Alam mo, iha, malakas ang kutob kong yayaman ka at makakaalis sa sinumpang lugar na ito,” dagdag ng matanda.

“Salamat ho, pero...”

“Kasi, masipag ka, at pumapasok araw-araw. Walang mintis. Pag ganiyan ang tao, gumaganda ang buhay.”

Biglang nakaramdam ng hiya si Resie. “Naku, hindi naman ho, Aling Mameng. Takot lang akong masisante sa trabaho kaya maaga akong pumapasok,” dagling hirit niya.

“Suwerte ang mga magulang mo na may anak silang gaya mo.”

“Ulila na ho ako.” Bumaba ang tono ng boses ni Resie.

“Ganunman, masuwerte pa rin sila, iha.” Malungkot na tumingin si Aling Mameng sa kausap at marahang hinawakan ang braso nito.

“Tuloy na ho ako,” sambit ni Resie at bahagyang tumalikod para kawayan ang paparating na dyip.

Sa loob ng sasakyan, naglaro sa isip ni Resie ang sinabi ng matanda. Yayaman daw siya. At makakaalis sa lugar na iyon. Sana nga. Suwerte daw ang mga magulang niya. Paano nangyari iyon? Hanggang ngayon nagsisisi siya na hindi nakatapos ng pag-aaral. Hanggang ngayon, nakasadlak pa rin siya sa matinding kahirapan. Suwerte ba siyang anak dahil sila ang naging magulang niya? Ang ama niya na walang inatupag kundi ang mag-almusal

ng alak, magsugal, at magbigay ng sama ng loob sa kaniyang ina? Isang araw, nakita na lang nilang mag-ina na nakabulagta ang ama sa may durungawan. Bural ang mga mata at umaagos ang bula sa bibig. Hindi na ito umabot nang isinugod nila sa ospital. *Cirrhosis* daw. Natusta ang atay sa kaiinom. Hindi makapaniwala ang kaniyang ina. Kahit manginginginom daw ito, siya pa rin ang ama niya. Huwag daw siyang mag-isip ng masama sa ama. Hindi makapaniwala si Resie. Mahal pa rin ng kaniyang ina ang kaniyang ama sa kabila ng lahat. Di nagtagal, sumunod na rin ang kaniyang ina. Sabi ng ilan, namatay daw sa kalungkutan. Nasabi niya sa kaniyang sarili na hindi siya maghahanap ng asawang katulad ng kaniyang ama. At hindi rin siya papayag na maging katulad ng kaniyang ina. Suwerte ba silang magulang? Suwerte ba siyang anak? Naisip ni Resie na sana may dalawang tanong na kailangan munang sagutin ang tao bago siya ipanganak. Kung gusto ba niyang mabuhay sa mundo, at kung sino ang magiging magulang niya. Bumuntung-hininga si Resie habang naglayag ang kaniyang isip.

Naramdaman niyang sumikip ang loob ng dyip sa dami ng mga pasaherong sumakay. Lahat ng mga ito ay may hantungan. May pupuntahan. Trabaho. Eskwela. Palengke. Simbahan. Bahagyang naantala ang kaniyang pagmumuni-muni dahil sa pag-abot ng mga bayad sa pasahe galing sa mga pasahero sa likod at sa mga sukli ng drayber.

Nasulyapan niya ang dalawang magsing-irog sa kabilang upuan. Nagkikilitian ang dalawa. Binubulungan ng lalaki sa tenga habang pigil na humahagikgik naman ang babae. Pahiyang tinakpan ng babae ang kaniyang bibig nang makita niyang nakatingin si Resie sa kanila. Nabigla din si Resie kaya ibinaba niya ang tingin at itinuon sa kaniyang mga kamay. Matagal nang hindi nadadantayan ng ibang kamay ang mga iyun. Matagal na nga. Sabi ni Jojo noon, masarap daw hawakan ang mga kamay niya kasi malambot daw ang mga ito. Kamay ng mayaman. Parang hindi dumanas ng hirap. Mangangatuwiran naman si Resie at sasabihin niya na pera galing sa *toll gate* lang naman ang madalas niyang hawakan. Isang araw, lalagyan ko iyan ng mamahaling singsing, pangako ni Jojo. ‘Yung may brilyante sa gitna. Pero pangako ito na napako. Iba ang binigyan niya ng singsing. Balita ni Resie, hindi daw mamahalin ito. At walang bato. Biglaan daw kasi. Nakabuntis daw kaya kailangang pakasalan agad. Istriкто ang mga magulang noong babae kaya napilitan si Jojo. Nung huli silang mag-usap, sinisi pa siya ni Jojo. Ang tagal daw niya kasing mag-desisyon. Matagal na siyang inaalok ng kasal pero ayaw niyang sumagot. Kaya nakabuntis ng

iba si Jojo. Naghanap ng mas madaling daan. Pero mas mahirap ito. Kasi siya ang mahal ni Jojo. Pero, siya nga ba? Ang mga lalaki talaga. Kung hindi matapang sa alak, duwag sa babae. Gaya ng ama niya. Gaya ni Jojo. Pero ipinangako niya na hindi siya magiging gaya ng kaniyang ina. Gaya ng maraming babae.

Pagkatapos ni Jojo, wala nang dumating. Wala nang humawak sa kaniyang mga kamay na pang-mayaman. Wala nang nangako na maglalagay ng singsing sa kaniyang daliri. Maski iyong walang brilyante. Maski nga yung mura na lang at tatatanso, wala pa rin.

“Kamatsile na, Kamatsile na, yung mga hindi pa nagbayad diyan, bayad na po,” hiyaw ng drayber.

Naalimpungatan na naman si Resie sa kaniyang kinauupuan. Nagpalinga-linga siya sa bintana ng dyip para masiguro na ito na nga ang kaniyang babaan. Mabilis niyang inabot ang bayad at hindi na naantay ang sukli dahil nakahambalang ang kaniyang kamay sa daraanan ng ibang bumababa.

Matulin siyang naglakad patawid sa malawak na *highway*. Tiningnan niya ang relo. 7:15. Maaga pa rin. Alas otso ang kaniyang pasok pero wala nang sampung minuto ang lalakaran niya bago makarating sa *toll gate*. Nagpasya siyang bagalan ang paglalakad.

Pumasok siya sa maliit na opisina sa kabilang *highway* para mag-time in. Hinanap ang *time card* na nakasulat ang pangalan niya sa *rack* malapit sa *bundy clock*. Nagpunta siya sa salamin para makita ang sarili habang ikinakabit ang *nameplate* sa blusa. Bahagyang naulinigan niya ang pag-uusap ng dalawang kasamahan sa kabilang lamesita.

“Saan kayo ni Rene ngayong Holy Week?” tanong noong isa.

“Galing na kami sa Subic nung isang taon. Sabi nila, maganda daw sa Botolan ngayon. Baka doon kami magpunta,” sagot ng kausap na mas malakas ang boses.

“Oo nga daw. Mas maganda na raw ang mga *resorts* doon ngayon kaysa noong bago pumutok ang Pinatubo.”

“Hoy, Resie! Ikaw, saan ang bakasyon mo?” sigaw ni Letty, ang malakas ang boses.

“May pasok ako,” katwiran ni Resie habang madiing pinipirmahan ang *timecard*.

“Gaga! Dalawang araw tayong walang pasok. Pinapipili tayo kung *Holy Thursday* at *Good Friday* ang bakasyon natin o *Black Saturday* at *Easter Sunday*. Hindi mo ba nabasa ang memo?” giit ni Mitch.

“Nabasa ko,” mahinang tugon ni Resie.

“Ako, papasok ng Huwebes at Biyernes kasi gusto ko bongga ang *beauty* ko sa *weekend*. Siyempre, kasama ko si Rene,” pagmamalaki ni Letty.

“Ako naman, mas gusto kong gumala ng Huwebes at Biyernes kasi walang tao. Sabado at Linggo ako papasok. Ano’ng mga araw ang pinili mo?”

“Wala naman akong pupuntahan eh. Nagpaalam na ako kay boss na papasukan ko na lang lahat,” paliwanag ni Resie habang marahang dinampian ng pulbo ang kaniyang pisngi.

“Hindi ka magbabakasyon, Resie? Mas gusto mong mausukan ng mga sasakyan dito sa semana santa?” tukso ni Letty.

“Oo.”

“Hayaan mo na, Let. Kung ‘yan ang gustong penitensiya ng lola mo, hahadlang ka ba sa pangarap niya?” pabirong sabi ni Mitch.

Pagkatapos maitali ang buhok, mabilis na dinampot ni Resie ang *timecard* at isinuksok ito sa loob ng *bundy clock* para makapag-*punch in*. 7:39 AM. Ibinalik niya uli ito sa rack at lumakad na papunta sa kaniyang cubicle. Naiwang nag-uusap pa sina Letty at Mitch. Umiiling-iling ang kanilang mga ulo.

Ngayong buwan ng Abril, isa siya sa mga nakatokang magbigay ng *toll ticket* para sa mga sasakyang lumalabas ng Maynila. Matapos marilyebo at makuha ng panggaging *ticketer* ang kaniyang kaha, umupo na si Resie sa mataas at umiikot na *stool*. Binuksan niya ang maliit na bentilador sa ibabaw ng cubicle. Nilabas niya ang kaha na mayroong *cash* na tig-iisandaan, tig-sisingkuwenta, at tig-bebente. Mayroon ding mangilan-ngilang barya sa bandang ibaba ng kaha. Sa ibabaw ng babasaging bintana, may nakapaskil na “Serve with a Smile.” Sa gawing likuran naman niya umiilaw ang *electronic ad* na “Drive Carefully” para sa mga motoristang palabas ng *toll gate*. Sa tabi naman niya ang mga resibong kailangang punitin at ibigay sa mga magbabayad ng *toll fee*. Nasa harap niya ang mga presyo ng *toll fee* ng mga kotse sa bawat *exit* sa North Expressway: Meycauayan – P10.50... Malolos – P11.75... Pulilan – P13.50... San Simon – P15.00... San

Fernando - P18.25... Angeles – P20.00... Dau – P21.50... Mas mataas ng limang piso ang bawat destinasyon kung van ang sasakyan. At kung pampublikong bus at delivery truck naman ang gamit, mas mataas ng sampung piso. Hindi na niya kailangang pag-aralan pa ang mga ito. Hindi na siya malilito dahil memoryado niya ang lahat ng nasa listahan. Matagal na niyang saulado. Matagal na siya sa trabahong ito. Mahigit walong taon na. Buhay pa ang mga magulang niya, andito na siya. Ito na rin ang trabaho niya nang makilala niya si Jojo.

Alam niya ang layo ng bawat *exit* galing Maynila. Kalkulado niya ang daan at ang oras ng biyahe. Pag may naliligaw at walang matanungan, bibigyan niya ng tamang direksyon base sa napag-aralan nila noong *trainee* pa lang siya. Pero ang totoo, hindi pa siya nakakapunta alinman sa mga *exits* na yun. Hindi pa siya nakakalabas ng Maynila. Bakit nga ba? Wala kasing panahon. Walang pagkakataon. Walang taong pupuntahan sa mga lugar na iyon. Wala ring nagyaya sa kaniya. Huminga si Resie ng malalim. Umpisa na ng kaniyang maghaponing trabaho. Pagkatapos, mariin niyang isinara ang kaha at binuksan ang bintana para tanungin ang papalapit na sasakyan, ang una niyang motorista.

“Saan po?”

“San Simon.”

“Kinse po.”

“Eto o.”

“Salamat po. Maligayang paglalakbay.”

Ganoon ang naging buhay ni Resie. Ang magtanong kung saan pupunta at magsabi ng “happy trip” sa lahat ng umaalis. Walong taon na niyang ginagawa ito. Walong taon na niyang inaalang ang destinasyon ng lahat na naging bahagi ng kaniyang trabaho. Hindi man niya kilala ang mga ito, pakiwari niya ay may naiambag siya sa kanilang paglalakbay. Sana ay makapunta sila sa kanilang hantungan nang ligtas. Pero, sumagi din sa isip niya na wala ni isa man sa mga ito ang nagtanong kung saan ang kaniyang hantong. Hindi siya kilala. Walang gustong makilala siya. Walang gustong mag-ayang sumama sa kaniya. Walang interesado kung saan ang kaniyang destinasyon. Maging siya ay hindi rin niya alam. Mukhang mabubulok na lang ako sa cubicle na ito, hinaing niya. Binilang ni Resie ang perang ibinayad at maingat na pinasok sa kaha.

“R-Resie... San F-Fernando...”

Pamilyar sa kaniya ang marahang tinig na iyon. Inangat niya ang ulo para makita ang susunod na motorista.

“J-Jojo...”

“*Family* drayber na ako. Mga amo ko. Pupunta sa kanilang resort sa Hermosa. *Exit* kami sa San Fernando. Musta ka na?”

“M-mabuti...”

“Magkano daw, Jojo?” Kinalabit si Jojo ng babae mula sa likuran ng sasakyan.

“Ah, P18.25 po, ma’am,” mabilis na sagot ni Jojo.

“P23.25. Kasi van ang sasakyan niyo,” salungat na sagot ni Resie.

“Ay, opo nga pala, ma’am.”

Binuksan ng babae ang kaniyang malaking pitaka para humanap ng eksaktong barya. Marubdob na pinagmasdan ni Jojo si Resie. Paminsan-minsa’y sinasagot ni Resie ang kaniyang tingin. Kinuha ng babae ang isa pang pitaka sa kaniyang bag. Umaalab ang kanilang mga mata. Balisa at nagtatanong. Pero walang gustong kumibo. Walang gustong bumasag ng katahimikan. Inilabas ng babae ang isandaang piso.

“Ibigay mo na itong buo. Wala akong barya,” pasigaw na bigkas ng babae.

Nanginginig na tinanggap ni Resie ang bayad. Pakiramdam niya’y nasusunog siya sa mga titig ni Jojo. Parang mga silahis ito ng araw na pumupunit sa kaniyang balat. Hindi niya mawari kung may gusto nga ba siyang sabihin kay Jojo. Marami nga ba siyang mga tanong? O nasagot na ba lahat ang mga ito?

Inabot ni Resie kay Jojo ang resibo at sukli. Nagdampi ang kanilang mga palad. Pinagmasdang muli ni Jojo ang kamay na naging malaking bahagi ng kaniyang nakaraan. Nahulog pa ang ilang barya sa semento. Akmang bubuksan ni Jojo ang van para kunin ang mga ito pero pinigilan siya ng among babae.

“Pabayaang mo na,” sabad ng babae. “Huwag mo nang pulutin. Nagmamadali tayo at ayaw kong abutin ng tanghali sa daan.”

Humarurot na ang sasakyan sa kahabaan ng *expressway*. Naiwang nakatungo ang ulo ni Resie. Hindi niya magawang habulin ng tingin ang papalayong van. Pakiramdam niya, bitbit lahat ng sasakyang iyon ang mga naging pangarap niya, ang buong buhay niya.

Pasado alas otso na ng gabi nang makauwi si Resie. Hapo niyang dala-dala ang mga pinamiling grocery para sa bahay: tinapay, sabon, supot para sa basura, basahan, at *creamers*. Isa-isa niya itong inilabas sa supot at inilagay sa tamang lalagyan. Tinanggal niya ang blusa at palda at isinuot ang damit-pantulog na nakasabit sa likod ng pintuan ng kuwarto. Tiningnan niya ang *alarm clock* na nakapatong sa isang mesa sa tabi ng kaniyang maliit na katre. Isinet niya uli ang alarm: alas singko y medya. Ngunit alam pa rin niya na bukas, mas mauuna pa rin siyang gumising bago tumunog ito.